**Ang Ika-12 NA LIHAM NG OBISPO UKOL SA GAWAING PAG-IINGAT UPANG MAPIGILAN ANG IMPEKSIYON NG CORONA VIRUS**

Ang Kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Setyembre 24, 2020

Tatlong buwan na ang nakalipas na walang seryosong problema matapos nating dahan-dahan at maingat na maibalik ang mga misa sa Linggo sa Diyosesis. Nagpapasalamat ako sa inyong lahat dito sa Diyosesis dahil sa inyong pag-unawa at kooperasyon. Datapwat ang paglaganap ng corona virus ay hindi pa naapula, ngunit salamat sa Diyos, ang situwasyon ay naging matatag ng kaunti. Kaya ako ay nakapag desisyon na gumawa ng ibayong hakbang upang matanggal ang ibang mga ipinagbabawal sa mga gawaing Simbahan. Ngayon ay tatangalin ko na ang pagbabawal sa edad para sa mga misa sa Linggo matapos ang masinsinang konsiderasyon. Nagpapasalamat ako sa lahat ng mga mananampalataya, lalo na sa may edad 65 pataas dahil sa kanilang sakripisyo at pasensiya sa pananatili sa kanilang tahanan. Nag-alala ako na ang ibang mga ipinagbabawal ay mananatili pa rin. Nananalangin ako na makakagawa pa ako ng ilang mga desisyon sa pagtanggal sa ilang mga ipinagbabawal pagdating ng Nobyembre. Dahil dito, nagpapasalamat ako dahil sa inyong kooperasyon sa mga mungkahi.

**Mula sa Unang Linggo ng Oktubre, Oktubre 4, ang Limitadong**

**Edad sa Dadalo sa mga Misa ay Tinanggal na.**

**Ang ibang mga ipinagbabawal ay mananatili pa rin.**

**Upang maseguradong mapigilan ang paglaganap ng impeksiyon ng virus sa lahat ng parokya, muli kong ipaalala ang mga mahalagang dapat ninyong gawin at nakiusap ako na sundin ninyo ito ng may maingat na pagsaalang-alang sa mga particular na situwasyon sa inyong parokya. At ito ang mga sumusunod:**

1. Datapwa't ang ipinagbabawal na edad ay tinanggal, ang mga matatanda at yaong mga may malubhang sakit, yaong may mataas na temperatura, mga walang lakas sa kanilang kalusugan ay pinakiusapan na manatili sa kanilang tahanan at magdasal doon at alagaan ng mabuti ang kanilang buhay.
2. Lahat ng mga mananampalataya sa Diyosesis ay patuloy na dinispensa sa kanilang obl;igasyon sa pagdalo sa mga misa sa Linggo.
3. Ang pagdiriwang ng isang misa sa Linggo (Japanese o multilingual) at ang Bihilya na misa sa Sabado ng gabi ay binuksan na sa publiko. Sa mga parokya na may maraming bilang na nagsisimba, ang pagdalo sa misa sa Sabado ng gabi ay maaring irekomenda sa mga parokyano. Dahil sa pagtanggal ng limitadong edad, ang bilang ng mga dadalo ay maaring dumami, kaya nakiusap ako na mag-ingat upang mapigilan ang paglaganap ng virus.
4. Kayo ay kakausapin na magsimba sa inyong parokya at hindi sa iba.
5. Ipinagbabawal pa rin ang mga misa sa ordinaryong araw.
6. Para sa mga binyag at pagpapahid ng langis kung may emerhensiya, at ang sakramento ng kumpisal ay maaring gawin ng may pag-iingat. Ang sakramento ng kumpil ang hindi muna gagawin ng Obispo sa ngayon. Ngunit kung sa panahon ng emerhensiya, maari itong gawin na may pahintulot ng Obispo. Makipag-ugnayan sa inyong kura paroko.

## <u>Ang ibayong detalyadong payo</u>

1) Una sa lahat, ang mga ito ay napakahalagang mga prinsipiyo upang maiwasan ang pagsikip sa mga saradong silid at magkaroon ng agwat ang bawat-isa. Kakausapin kayo na magsuot ng face mask, maghugas ng kamay at isterelize ang simbahan<u>. Ang mga ito ay gagawin hindi lang sa mga misa kundi pati na rin sa lahat ng mga gawain sa simbahan</u>.
2) Seguraduhing magkaroon ng agwat sa bawat-isa na 1.5 metro sa loob ng simbahan. <u>Kung ang lahat na nakasulat sa itaas pati na ang 1) ay hindi posibleng mangyari, hindi maaring gamitin ang simbahan sa mga liturhikang pagdiriwang</u>. Kung mayroon kayong hall na mas malawak kaysa simbahan ay maaring gamitin ito.
3) Ang paghuhugas ng mga kamay, <u>ang pagsuot ng face mask (sa kongregasyon pati na ang mga pari at taga-basa</u>), may agwat sa bawat-

isa, bentiladong simbahan ay dapat gawin. Dapat isterelize ang mga hawakan ng mga pintuan ng simbahan kung maari.

4) Huwag gumamit ng Holy Water Fonts.
5) <u>Huwag muna kumanta ng sabayan sa mga misa at sa mga pagtitipon</u>, maliban sa pagtugtog ng organ at solong pagkanta na may agwat sa kongregasyon.
6) Huwag magprosesyon sa panahon ng pag-alay sa misa.
7) Huwag mangolekta ng abuloy sa misa. Pinakiusapan ang lahat na ilagay ang lagayan ng abuloy sa may pintuan ng simbahan.
8) Sa pagbibigayan ng kapayapaan, huwag makipagkamay o magyakapan.
9) Ang kongregasyon ay pinakiusapan na isulat ang pangalan, tirahan, numero ng telepono at temperatura sa may pintuan ng simbahan. Iminungkahi na ihanda ang mga mass cards o espesyal na registration book para sa mga dadalo sa misa. Ang mga rehistrong ito ay gagamitin lang pag-ulat o sa kooperasyon lamang ng local na health authorities kung sakaling magkaroon ng impeksiyon sa simbahan. Iingatang mabuti ang mga rehistrong ito sa simbahan bilang pribadong impormasyon.
10) Iwasan ang pagsisikip sa pagpasok sa simbahan.
11) Huwag muna magkaroon ng mga meeting o pagtitipon maliban sa misa, o maaring magmeeting sa maigsing panahon lang at limitado ang dadalo (10 katao pababa) at panatilihin ang pag-iingat. Papayuhan kayo na huwag muna simulan ang mga klase sa paghahanda para sa binyag o bible study hanggat mariing sundin ang mga gawaing pag-iingat.